7

# Gawaing Pampagkatuto Sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin 1

Sagutang Papel sa Filipino

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Kuwarter 4: Aralin 2 (para sa Ikalawang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Irene N. San Miguel (Philippine Normal University – Manila)

**Tagasuri**
- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 1 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Mahahalagang Elemento ng Ibong Adarna: Mga Tauhan at Tagpuan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I.** **Gawain Bilang 1:** Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa

**II.** **Mga Layunin**:

a. Natutukoy ang mahahalagang elemento **(tauhan, tagpuan**,

b. Nasusuri ang akda bilang tulang pasalaysay na korido (may **tauhan**, **tagpuan,**

**III.** **Mga Kailangang Materyales:** bolpen, papel

**IV.** **Panuto:** Kilalanin ang tinutukoy sa saknungan sa Hanay A sa mga tauhan sa Hanay B. Ipuno sa patlang ang tinutukoy.

**Ang Unang Pamilya ng Berbanya**

1

Noong mga unang araw ,
sang-ayon sa kasaysayan,
sa Berbanyang kaharian
ay may haring hinahangaan.

2

Sa kanyang pamamahala
sa kahariang malaya
maginoo man at dukha
tumanggap ng pagpapala.

3

Bawat utos na balakin
analisahin at isipin
kaya lamang pairalin
kung may buting sasapitin.

4

kaya bawat kamalian
bago bigyan ng kahatulan

6

Kabiyak ng puso niya
ay si _______________________
ganda'y walang pangalawa't
sa bait ay uliran pa.

7

Sila ay may tatlong anak
tatlong bunga ng pagliyag
binata na't magigilas,
sa reyno ay siyang lakas.

8

Si _______________ay panganay
may tindig na pagkainam,
gulang nito ay sinundan
ni _____________malumanay.

9

Ang pangatlo'y siyang bunso.
si_________________na ang puso'y

**HANAY B**

Don Pedro
Don Diego
Donya Valeriana
Donya Juana
Haring Fernando
Haring Salermo
Don Jose
Don Juan

nililimi sa katwiran
binabalanse ang timbangan.

5
Pangalan ng Haring ito
ay mabunying ________________.
sa iba mang mga Reyno
ang tingin ay maginoo

sutlang kahit na mapugto
ay puso ring may pagsuyo.

10
Anak na kung palayawan
Sumikat na isang araw
kaya higit kaninuman,
sa ama ay siyang mahal.

**b. Kritikal na Pag-unawa**

Kung iuugnay sa kasalukuyan, aling mga lugar ang maiuugnay sa sumusunod. Ipaliwanag kung bakit sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa tatlo (3).

1. Bundok Tabor

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Berbanya

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Piedras Platas

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

Sa pangkatan, Isulat ang mga saknong na nagpapakilala ng mga tauhan at tagpuan.

**ANG AKING PAMILYA**

PAGPAPAKILALA NG MIYEMBRO NG PAMILYA

**Panuto:** Bumuo ng Family Portrait o Family Tree ng inyong pamilya.
Isang saknong may sukat at may tugmaan.

Halimbawa: Ama'y haligi ng tanan
Victor aming katatagan
Ngalan mo'y aming dangal
Tunay na ikaw sandigan.



**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 2 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Mahahalagang Elemento ng Ibong Adarna: Banghay at Tunggalian | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 2:** Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.

II. **Mga Layunin**:

a. Natutukoy ang mahahalagang elemento (banghay at tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna)
b. Nasusuri ang akda bilang tulang pasalaysay na korido (nagsasalaysay, banghay ng pangyayari, tuwirang pahayag, wakas at aral.

III. **Mga Kailangangang Materyales**: bolpen at papel

IV. **Panuto**: Isulat sa patlang ang bilang 1-10 ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari

**PAGLALAKBAY NG MGA PRINSIPE**

______ 1. Nakita ni Don Juan ang makapitong beses na pag-awit at at pagbibihis.
______ 2. Sinunod nang mabuti ang bilin; hiwaan ang braso, ipatak ang dayap at sa pagtulog ng ibon ay talian ng ibinigay na gintong tali sa paghuli nito
______ 3. Nagkasakit ang hari dulot ng masamang panaginip.
______ 4. Ang manggagamot ay naghatol na ang lunas ay awit ng Ibong Adarna
______ 5. Si Don Pedro ang unang naging bato matapos maiputan ng ibon.
______ 6. Nagpilit si Don Juan na payagang hanapin ang lunas at mga kapatid.
______ 7. Naging matiyaga at mapanalangin ang bunsong prinsipe sa paglalakbay.
______ 8. Nakasalubong ang matanda at humingi ito ng tinapay kay Don Juan.
______ 9. Ikalawang naghanap si Don Diego at natulad rin sa kanyang kuya.
______10. Ibinilin ng ermitanyo ang paraan ng paghuli sa Ibong Adarna

**b. Pagsusuri**

**Panuto:** Suriin ang taglay na tunggalian ng saknong at ipaliwanag ang uri nito.

| Mga Piling Saknong | Ilapat kung 1234 | Paliwanag ang Tunggalian sa Saknong |
|---|---|---|
| 118 “Masaklap sa puso ko’t dibdib<br>Iyang gayak mong pag-alis,<br>hininga ko’y mapapatid<br>pag nawala ka sa titig. | | |
| 19 May paniwala ang ama<br>Na di ngayo’t Hari siya.<br>Maging mangmang man ang bunga<br>Sa kutya ay ligtas siya. | | |
| 87 Salungahing matatarik<br>Inaakyat niyang pilit<br>Ang landas man ay matinik<br>Inaari ring malinis. | | |
| 206 Lamang gumiti sa balat<br>Pinigaan na ng dayap,<br>Sa hapdi’y halos maiyak<br>Nag-ibayo pa ang antak. | | |
| 63 latag na ang kadiliman,<br>ang langit kung masaya man,<br>ang lungkot sa kaundukan<br>kay Don Pedro pumapatay. | | |

**Graphic Organizer**

1. CHARACTER GRAPHIC ORGANIZER
   Sagutin ang mga tanong at ilapat sa graphic Organizer ang pagkilala sa mga tauhan.
   a. Sino sino ang pamilya ni Haring Fernando?
   b. Ilarawan ang kaibahan ng mag-asawa?
   c. Paghambingin ang magkakapatid?

2. BUBBLE MAP
   Tagpuan
   Ilarawan sa ang katangian ng mga pook na nabanggit sa kuwento. Bigyan ito ng simbolo sa pangyayari sa unang yugto. Ilagay sa mga bilog ang pagkakaugnayan.

3. STORY FRAME
   Banghay ng Pangyayar
   Ilapat ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento. Gamitin ang punong salita sa pagsasalaysay.
   - Nagkasakit, Naglakbay Naging bato, Nagbigay ng tinapay, Nagbilin sa paghuli, Naghiwa, Nahuli at nabuhay….

4. CONCEPT MAP
   Mensahe
   Sa mga kahon isulat ang limang mensahe sa piniling saknong at bigyan ng kahulugan ang talinghaga nito.

5. VENN DIAGRAM
   Pagsusuri ng kaibahan at pagkakatulad sa pamumuhay ng pamilya sa Berbanya at sa kasalukuyang Pamilya sa Pilipinas

**Gamitin ang Pamantayan sa Pagmamarka**

| **KRAYTIRYA** | Napakahusay 5 | Mahusay 4 | Mahusay-husay 3 | Paghusayan pa 2 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kompleto ang pagtalakay ng gawain | Nailahad ang kaisipan ng may bahagyang kulang | Nailahad ang kaisipan ngunit marami pa ang hindi naibahagi | Ang inilahad na mga kaisipan ay walang kaugnayan sa itinakdang gawain |
| Kawastuhan | Mabisa ang gamit ng wika at pagkakabuo ng pangungusap | May bahagyang kamalian sa mga ginamit na salita gayundin sa pagbuo ng pangungusap | Maraming kamalian sa paggamit ng wika at hindi malinaw ang pagkakabuo ng pangungusap | Di na naipakita ang gamit ng wika sa di natapos na gawain |
| Presentasyon Lakas ng dating sa Madla | Kakikitaan ng kahandaan at kawili-wili paglalahad | Naghanda at may kaun-ting lamang na pagkaka-mali | May bahagyang paghahanda at maraming pagkakamali sa presentasyon | Hindi kinakitaan ng kahandaan para sa presentasyon |
| Kooperasyon | Lahat ay nakibahagi | May 2 di nakibahagi ay nakibahagi | May kalahati ang di nakibahagi | Dalawa lamang ang nakibahagi |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 7 | **Kuwarter** | Ikaapat |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Banghay ng Pangyayari: Foreshadowing, mensahe, pahiwatig at kaisipan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 3**

**II. Mga Layunin**: Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.

a. Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari;pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Ibong Adarna.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Bolpen at papel

**IV. Panuto:** Lapatan ng wakas ang pangyayari sa kuwento.

Ano ang kahihinatnan ng pagkahuli ni Don Juan sa Ibong Adarna. Gamitin ang mga pahiwatig sa akda. Gawing patnubay pagsasalaysay ang paksa na nasa kahon

| |
|---|
| PAKSA: Ang Pagbabalik ng mga Prinsipe sa Berbanya at ang Ibong Adarna |

**a. KAISIPAN**

**Panuto**: Basahin ang mga piling talinghaga at ipaliwanag ang nais ipahiwatig nito kaugnay sa kalagayan ng ating lipunan sa kasalukuyan

| Alam niya itong tao kahit puno't maginoo, kapag hungkag itong ulo batong agnas sa palasyo. |
|---|

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

| Ngunit itong ating buhay talinghagang di malaman, matulog ka ng mahusay<br>magigising ka ng may lumbay. |
|---|

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

| Sa Diyos dapat manawagan ang lahat ng nilalang, ang sa mundo ay pumanaw, tadhana ng kapalaran. |
|---|

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**a. Panuto:** Basahing mabuti ang pahayag sa ibaba at gumawa ng isang saknong na tulang DALIT tungkol dito.

Ang tunay na lingkod ay matapat at may pagtitiwala sa sarili.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ang taong naglilingkod sa Panginoong Diyos ay naglilingkod sa kapwa.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ang naglilingkod sa kapwa sumusunod sa utos ng Diyos.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

**b. Panuto:** Kunin ang dyornal na kuwaderno at itala ang kahalagahan ng Ibong Adarna bilang babasahin. Itala ang mga positibong taglay ng pagbabasa nito.

| Katangian ng Ibong Adarna bilang Korido | Kahalagahan sa Mambabasa |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |